ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KAGANAPAN SA LOOB NG SILID-ARALAN SA PAGPUKAW NG AKADEMIKONG INTERES NG MGA MAG-AARAL SA JUNIOR HIGH SCHOOL SA PRIBADONG PAARALAN

**Dimple Lyn R. Basaca[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**

[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

[2]*Program Coordinator, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19874**
**DOI No: 10.36713/epra19874**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay mabatid ang pagkakaugnay ng kaganapan sa loob ng silid-aralan sa akademikong interes ng mga mag-aaraal sa junior high school sa pribadong paaralan. Natamo ang mga layunin sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng etadistikong ginamit. Ang pag-aaral na ito ay ayon sa pamamaraang palarawang ugnayan na disenyo ng pananaliksik na ginagamitan ng talatanungan upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng kaganapan sa loob ng silid-aralan at akademikong interes ng mga mag-aaral. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa pribadong paaralan na mayroong kabuoang bilang na 248 na mga respondante. Ang mga datos na nalikom ay sinuri gamit ang Mean, Pearson r, at Regression. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral sa kaganapan sa loob ng silid-aralan batay sa indikeytor nito na kaganapang pisikal, interaksiyon ng guro at mag-aaral, interaksiyon ng relasyon sa kapwa, at oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Habang ang akademikong interes batay sa indiketor ayon sa impak, pagpili, kahalagahan, at kabuluhan. Batay sa resulta ng pag-aaral, lumabas na ang antas ng kaganapan sa loob ng silid-aralan ay mataas at ang antas naman ng akademikong interes ay mataas din. Dagdag pa, may tiyak na ugnayan ang kaganapan sa loob ng silid-aralan at akademikong interes ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA**: *kaganapan sa loob ng silid-aralan, akademikong intere, junior high school sa pribadong paaralan, kwantitatibong pananaliksik.*

## INTRODUKSYON

Isa ang edukasyon sa pangunahing salik na humuhubog sa mga mamamayan, nagbibigay ito ng malawak na pag-unawa at mga oportunidad para sa personal na pag-unlad. Mahalaga ito hindi lamang bilang proseso ng pagkatuto kundi bilang isang makapangyarihang instrumento na naglalayong magbigay ng kaalaman at kasanayan. Sa pamamagitan ng edukasyon, nagiging posible ang pagbuo ng mga kakayahang mag-isip nang malikhain at kritikal, na mahalaga sa pag-unlad at tagumpay. Sa pormal na konteksto, ang edukasyon ay nagsisilbing daan upang maabot ng tao ang sukdulan ng kanyang kakayahan at makamit ang mas magandang antas ng buhay (Vinogradov et al., 2020).

Malaki ang gampanin ng silid-aralan sa kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kaganapan sa silid-aralan ay repleksyon ng mga opinyon ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong karanasan. Kabilang dito ang mga pananaw ng mga mag-aaral nagaganap sa klase, ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang instruktor at mga kasamahan sa klase maging ang kanilang pakikilahok sa klase. Gayunpaman, ang mga persepsyon ng mag-aaral ay hindi lamang nakadepende sa pag-uugali ng mga guro, kundi sa mga lente kung saan nila ito tinitingnan at pinahahalagahan (Alonso-Tapia et al., 2022).

Sa kabilang banda, ang akademikong interes ay nakakaapekto sa pagganap ng isang indibidwal na itinuturing na resulta ng pangkalahatang mga aktibidad at impluwensya sa pagkatuto ng mag-aaral, hindi lamang ang pag-unlad na ginawa tungkol sa kaalaman na nakuha. Naaapektuhan ito ng ilang salik na nakikipag-ugnayan sa isa't isa. Kung nararamdaman ng mga mag-aaral na may kontrol sila sa kanilang sariling mga resulta ng pag-aaral, pinapataas nito ang kanilang tiwala sa sarili at pagpapatibay sa sarili (Gojkov-Rajić et al., 2021).

Maraming mananaliksik na ang nagsagawa ng pag-aaral ukol sa kaganapan sa loob ng silid-aralan tulad na lamang ng pag-aaral ni Ranjelovic at Demic, (2020) na pinamagatang *"Connection Between Classroom Climate and Academic Performance"* na mayroong layunin na suriin ang kaugnayan sa pagitan ng akademikong pagganap at ilang mga dimensyon (mga bahagi) ng kaganapan sa silid-aralan (interaksyon ng guro-mag-aaral, salipunan, takot sa pagkabigo, at emosyonal na aspeto), gayundin ang kaugnayan sa pagitan ng mga bahagi ng kaganapan sa silid-aralan at *sociodemographic variables*.

**Layunin ng Pananaliksik**
Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang tiyak na epekto ang kaganapan saloob ng silid-aralan sa pagpukaw ng akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school* sa pribadong paaralan.

Ang pag-aaral ay tiyakang makakakuha ng sagot sa sumusunod na layunin;

1. Alamin ang mga epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan sa mga mag- aaral mula sa *junior high school* sa pribadong paaralan;
   1.1 Kaganapang Pisikal,
   1.2 Interaksyon ng Guro at Mag-aaral
   1.3 Relasyon sa Kapwa: at
   1.4 Oryentasyon ng Guro sa Kaligirang Pampagkatuto.
2. Alamin ang antas ng Akademikong Interes ng mga mag-aaral ayon sa;
   2.1 Impak
   2.2 Pagpili
   2.3 Kahalagahan; at
   2.4 Kabuluhan.
3. Alamin ang pagganap ng Kaganapan sa Silid-aralan sa Akademikong Interes ng mga mag-aaral sa *junior high school* sa Pribadong paaralan.
4. Alamin ang mga domeyn na epekto ng Kaganapan sa Silid-aralan na tanging naka impluwensya sa mga mag-aaral.

**Haypotesis**
Ang *null hypothesis* na kung saan ay sinukat sa 0.5 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang tiyak na ugnayan ang kaganapan sa silld-aralan sa akademikong interes ng mga mag-aaral, at walang tiyak na domeyn na ang kaganapan sa silid-aralan sa pagpukaw ng akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school* sa pribadong paaralan.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**
Kwantitatibong pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito sa pamamaraang desriptibong-korelasyunal upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng kaganapan sa loob ng silid-aralan at akademikong interes ng mag-aaral sa *junior high school* sa pribadong paaralan. Ayon kay Creswell (2012), kanyang naibahagi ang deskriptibong-korelasyunal kung saan sinusukat nito ang dalawang baryabol at sinusuri ang ugnayan sa pagitan nila. Ang estratehiyang ito ay naglalaman ng pagtukoy ng problema o phenomenon sa pamamagitan ng pagkolekta ng numerikong datos upang suriin ang instrumentong matematikal, partikular na ang estatistika.

Ginamit ang deskriptibong-korelasyunal na pamamaraan sa pag-aaral na ito sa ilalim ng disenyo ng kwantitatibong pananaliksik na naglalayong makuha at masuri ang relasyon at ugnayan ng kaganapang pisikal sa akademikong interes ng mag mag-aaral. Sa pamamagitan nito, sinuri ang mga phenomena na walang tuwirang pagbabago sa mag kondisyon naranasan ng mga partisipante. Dahil dito ipinapakita ang ugnayan ng malayang baryabol at di-malayang baryabol na may layuning matukoy ang ugnayang nagaganap sa pagitan nila (Rana et al., 2021).

Sa estilong desriptibong-korelasyunal tinalakay ng mananaliksik ang epekto ng katangiang pisikal na mga nagaganap sa loob ng sa pang-akademikong interes ng mag mag-aaral sa *junior high school*. Layunin din ng pamamaraang ito ang tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na pangyayaring pisikal sa loob ng silid-aralan at akademikong interes ng mag mag-aaral mula sa piling pribadong paaralan.

**Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik**
Ito ay isinagawa sa mga piling pribadong paaralan kung saan nagmula ang mga respondante. Ang mga naging partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa mula *junior high school.* Nakatuon ang pananaliksik sa mga respondante sa pribadong paaraan na may kabuoang bilang na 694. Ito ay malaking bilang ng respondente na nagbigay ng mas malawak na representasyon at mas mataas na katumpakan na mahalaga sa nabuong ng makabuluhang konklusyon. Ito ay nagbigay-daan upang maipakita ang iba't ibang pananaw at karanasan mula mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang baitang sampu.

**Instrumento ng Pananaliksik**
May dalawang pamamaraang ginamit sa panaliksik. Una, ay ang talatanungan na gagamitin para sa malayang baryabol na kaganapan sa loob ng silis-aralan at talatanungan na gagamitin para sa di-malayang baryabol sa akademikong interes. Ang mga instrumentong gagamitin para sa dalawang baryabol ay mga talatanungan ng mananaliksik na nagsagawa na ng pag-aaral sa nakaraan na maykaugnayan sa pisikal na pangyayaring naganap sa loob ng silid-aralan at sa akademikong interes ng mga mag-aaral.

Ang *Likert Scale* ang gagamiting panukat upang malaman ang lebel ng mag kalahok ayon sa kaganapan sa silid-aralan. Ang *Likert Scale* ay nangangailangan ng indibidwal na pagsulat ng tsek sa kahon bilang tugon sa mga bilang ng tanong.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30-5.00 | Napakataas | Lubhang mataas ang epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan |
| 3.50-4.20 | Mataas | Mataas ang epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan |
| 2.70-3.40 | Katamtaman | Medyo mataas ang epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan |
| 1.90-2.60 | Mababa | Mababa ang epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan |
| 1.00-1.80 | Napakababa | Lubhang mababa ang epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan |

Sa kabilang banda, para sa pag-interpreta sa antas ng akademikong interes ang sumusunod na panukat ang gagamitin ng mananaliksik;

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30-5.00 | Napakataas | Lubhang mataas ang epekto sa akademikong interes |
| 3.50-4.20 | Mataas | Mataas ang epekto ng sa akademikong interes |
| 2.70-3.40 | Katamtaman | Medyo mataas ang epekto sa akademikong interes |
| 1.90-2.60 | Mababa | Mababa ang epekto sa akademikong interes |
| 1.00-1.80 | Napakababa | Lubhang mababa ang epekto sa akademikong interes |

**Pagkolekta ng datos**

Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:

**Pagbuo ng Talatanungan.** Hinanap ng mananaliksik ang mga talatanungang pinagbabatayan mula sa mga artikulong dyornal at kaugnay na pananaliksik sa internet na tiyaking maluugnay sa dalawang baryabol.

**Rebisyon at Balidasyon ng mga Talatanungan**. Matapos nabuo ang mga talatanungang ginamit, isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa tungo sa pag-aaral. Sinunod ng mananaliksik ang mga payo ng mga eksperto sa pagresiba hangang sa ito ay maaprubahang gamitin.

**Panghingi ng Pahintulot na magsagawa ng Pag-aaral.** Sumulat muna ang mananaliksik ng liham upang humingi ng pahintulot sa mga punongguro ng mga paaralan A at ng paaralan B bago isinagawa ang pangongolekta ng mga datos.

**Distribusyon ng mga Talatanungan.** Matapos maibalidipika ang mga talatanungan at maaprubahan ng panel ng mga eksperto, ang instrumento ng pananaliksik ay direktang ibinibigay sa mga kalahok at ang pag-aaral ay isinagawa na ng mananaliksik. Kinuha ng mananaliksik ang mga talatanungan mula sa mga respondante matapos nilang sagutan ang lahat ng mga ito.

**Koleksyon at Tabulsyon ng mga Datos.** Matapos maaprobahan ang *questionnaire*, ang intrumento ng pananalisik ay direktang sa mag kalahok sa pamamagitan ng *printed survey questionnaire* na talatanungan na may kasamang permiso. Pagkatapos ng pagsasagawa ng sarbey, kinuha at sinuri ng mananaliksik ang instrumento ng pananaliksik upang maitala ang mga nakalap na tugon mula sa mga kalahok.

**Istatistikal Tritment ng Datos**

***Mean.*** Ginamit ito sa pagtukoy sa epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan sa pagpukaw ng akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school.*

***Pearson r.*** Ginamit ito sa pagtukoy sa tiyak na ugnayan sa pagitan ng mga epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan sa pagpukaw ng akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school.*

***Regression*.** Ginamit sa pagtukoy kung anong mga domeyn ng mga epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan ang tiyak na nakaimpluwensya sa mga domeyn ng pagpukaw ng akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1 Epekto ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan Ayon sa Kaganapang Pisikal***

| Kaganapang Pisikal | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Malinis at maayos ang aking silid-aralan | 3.96 | Mataas |
| 2. Nakakapag-aral ako ng maayos dahil sa sapat na liwanag sa aking silid-aralan | 4.21 | Mataas |
| 3. Naririnig ko nang malinaw ang aking guro at kapwa mag-aaral mula sa sulok ng silid-aralan | 4.21 | Mataas |
| 4. Malinaw na nakikita ko ang pisara mula sa kahit saang sulok ng silid-aralan | 4.0 | Mataas |
| 5. Gusto ko ang aming silid-aralan | 4.27 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.14** | **Mataas** |

***Talahanayan 2 Epekto ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan Ayon sa Interaksyon ng Guro at Mag-aaral***

| Interaksyon ng Guro at Mag-aaral | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Madali para sa aking guro ang mapanatili ang mabuting pag-uugali ng mga mag-aaral at kaayusan sa klase | 4.00 | Mataas |
| 2. Nakapagbibigay kami ng opinyon sa loob ng silid-aralan(dekorasyon,*layout,seat display*) | 4.02 | Mataas |
| 3. Sinubukan naming maging organisado sa pagsasagawa ng gawain na interisado kami (*raffles, trips, parties, etc.)* | 3.92 | Mataas |
| 4. Gusto naming magkaklase na magpalipas ng oras nang magkasama | 3.91 | Mataas |
| 5. Komportable at masaya ako sa aming silid-aralan | 4.22 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.01** | **Mataas** |

***Talahanayan 3 Epekto ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan Ayon sa Interaksyon ng Relasyon sa Kapwa***

| Relasyon sa Kapwa | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nakasasali kami sa klase nang hindi binu-bully o pinapahiya ng aming mga kaklase | 3.45 | Katamtaman |
| 2. Nagkakasundo ang isa't isa sa klase | 3.68 | Mataas |
| 3. Tinatanggap at pinapahalagahan ang bawat mag-aaral sa aking klase.ayon sa kanyang sariling katangian | 3.94 | Mataas |
| 4. Tinutulungan naming ang isa't isa kapag may nangangailangan | 4.10 | Mataas |
| 5. Dinadaan namin sa usapan kapag may hindi kami pagka-iintindihan | 3.76 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.79** | **Mataas** |

***Talahanayan 4 Epekto ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan Ayon sa Oryentasyon ng Guro sa Kaligirang Pampagkatuto***

| Oryentasyon ng Guro sa Kaligirang Pampagkatuto | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Itinuturo sa amin ng aming guro kung bakit hindi namin maaaring gawin ang ilang mga bagay | 4.35 | Napakataas |
| 2. Sinasabi sa amin ng aming guro na maaari kaming matuto sa iba't ibang paraan | 4.52 | Napakataas |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| 3. Maaari naming tanungin ang aming guro kung paano o ano ang mga bagay na makatutulong sa aming pagkatuto | 4.54 | Napakataas |
| 4. Hinihikayat kami ng guro na magtanong kapag may hindi kami naintindihan sa klase | 4.61 | Napakataas |
| 5. Sinusubukan namin ang aming makakaya sa klase | 4.51 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.51** | **Napakataas** |

*Talahanyan 5 Buod ng Epekto ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan*

| *Indicators* | *Mean* | *Description* |
|---|---|---|
| Kaganapang Pisikal | 4.14 | Mataas |
| Interaksyon ng Guro at Mag-aaral | 4.01 | Mataas |
| Relasyon sa Kapwa | 3.79 | Mataas |
| Oryentasyon ng Guro sa Kaligirang Pampagkatuto | 4.51 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.11** | **Mataas** |

**Epekto ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan.** Ang pangkalahatang antas ng kaganapan sa loob ng silid-araan ng mga respondente ay nagtamo ng mataas batay sa kanilang mga naging tugon sa mga tagapahiwatig ng epekto ng ng kaganapan sa loob ng silid-araan kabilang na rito ang mga indikeytor na indibidwal na kaganapang pisikal, interaksyon ng guro at mag-aaral, relasyon sa kapwa, at oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto.

Ayon sa naging resulta ng sarbey, may malaking epekto ang kaganapan sa loob ng silid-aralan sa mga mag-aaral hinggil sa kanilang pagkatuto. Kaugnay nito, napapaunlad din ang pagkatuto ng mga mag-aaral at pakikiangkop ng mga ito sa kapaligiran. Sumakatuwid, mayroong impak ang kakayahan na makipaghalobilo sa isa't isa at pagtutulongan sa loob ng klasrum.

Ito ay tumutugma sa pag-aaral ni Barri (2020), malaki ang epekto ng imprastraktura ng paaralan dahil ito ay nagiging isang pangunahing kadahilanan para sa mga mag-aaral na makakuha ng mataas na kalidad ng edukasyon at upang makakuha ng mas mahusay na mga mag-aaral. Sa pagsusuri ng isang pisikal nakapaligiran sa pag-aaral ay maaaring humantong sa pagpapabuti ng pagtuturo, higit na paghubog ng mag-aara at pagkatuto.

Dagdag pa, ang resulta na tumutukoy sa epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan batay sa interaksyon ng guro at mag-aaral ay mataas. Nangangahulugan itong ang interaksyon ng guro at mag-aaral ay madalas naipapakita.

Ito ay tumutugma sa pag-aaral ni Ma and Wei (2022). Makatuwirang isipin na ang nakikitang kaganapan sa silid-aralan at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ay isa sa mga salik na nauugnay sa akademikong pagganap. Hinihikayat ang mga guro na humanap ng mga paraan upang maisulong ang akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapabuti ng paraan ng interaksyon sa silid-aralan at pagtaas ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, sinuportahan din ito ng pag-aaral nina Sakellariou and Tsiara (2020) nagsasaad na ang koopiratib at inklusibong klimang silid-aralan ng mga guro ay ginagawang mas nakatuon ang mga mag- aaral sa pag-aaral. Ang pagsali sa mga mag-aaral sa mga aktibidad sa pag-aaral ay nakakatulong na isulong ang pakikipag-ugnayan ng mag- aaral na nagpapaunlad ng kanilang pagiging epektibo sa sarili at pakiramdam ng pagiging kabilang.

Panghuli, ang resulta na tumutukoy sa epekto ng kaganapan sa loob ng silid-aralan batay sa oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto sa mga mag-aaral ay mataas. Nangangahulugan itong ang oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto ay madalas naipapakita. Ito ay implikasyon na mayroong sapat na gabay ng guro ang bawat mag- aaral sa loob ng silid-aralan sa mga bagay na nararapat at hindi dapat gawin. Nangangailangan ng sapat na atensyon na ibinibigay ang guro sa mga mag-aaral nakakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Dagdag pa, nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maging ang kanilang kakayahan sa klase dahil sa gabay ng guro.

Tumutugma ito sa pag-aaral nina Ertem et al. (2021) na ang *setting* ng pang-edukasyon ay naiimpluwensyahan ng oryentasyon ng guro na mayroong layunin na mag-aayos ng kapaligiran sa silid-aralan. Ito ay may kaugnayan sa sariling mga pagpili at desisyon ng mga guro sa pagtuturo at mga kaugnay na aktibidad sa edukasyon na nakadepende sa istruktura ng kapaligiran sa pag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 6 Antas ng Akademikong Interes ayon sa Impak***

| Impak | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. May kakayahan akong gumawa ng pansariling paraan kung paano ginagawa ang mga bagay sa aming klase | 3.98 | Mataas |
| 2. Mahalaga ang aking pakikilahok sa tagumpay ng klase | 4.17 | Mataas |
| 3. Aktibo akong nakikilahok sa lahat ng mga kinakailangang gawaing sa aking klase | 4.08 | Mataas |
| 4. Makagagawa ako ng mga bagay na makapagbibigay pakikilahok sa klase | 3.94 | Mataas |
| 5. Mayroon akong kontrol sa aking tagumpay sa klase | 3.97 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.03** | **Mataas** |

***Talahanayan 7 Antas ng Akademikong Interes Ayon sa Pagpili***

| Pagpili | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Mayroon akong pagpipilian na parang gagamitin sa paggawa ng aking gawain | 3.96 | Mataas |
| 2. Pinahihintulutan ako ng aking guro sa paggamit ng iba't ibang paraan sa aking pakikilahok sa gawain | 4.02 | Mataas |
| 3. Iniisip ng aking guro na siya ay palaging tama | 3.15 | Katamtaman |
| 4. Pinaparangalan sa aking klase ang pagpapahayag ko sa aking sariling saloobin at ideya | 3.90 | Mataas |
| 5. Maaari akong maging malikhain sa gawaing naiatas sa klase | 3.92 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.79** | **Mataas** |

***Talahanayan 8 Antas ng Akademikong Interes Ayon sa Kahalagahan***

| Kahalagahan | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Pinararamdam ng aking guro na hindi ako sapat | 2.35 | Mababa |
| 2. Napapagod ako sa lahat ng gawain na kailangan sa aking klase | 3.03 | Mataas |
| 3. Nakararamdam ako ng takot sa mga kinakailangang gawin sa aking klase | 3.23 | Mataas |
| 4. Nagtataglay ako ng mga kasanayan na kinakailangan sa aking klase | 3.72 | Mataas |
| 5. Kapanapanabik at masaya ang aking klase | 4.10 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.28** | **Mataas** |

***Talahanayan 9 Antas ng Akademikong Interes ayon sa Kabuluhan***

| Kabuluhan | *Mean* | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nagsusumikap ako sa klase dahil gusto ko, hindi dahil kailangan | 4.12 | Mataas |
| 2. Makabuluhan ang mga gawain na kinbakailangan sa klase | 4.00 | Mataas |
| 3. Gusto kong pag-uusapan ang ginagawa ko sa klase sa aking kaibigan at pamilya | 3.89 | Mataas |
| 4. Sang-ayon ako sa pamantayan na kailangan sa aking klase | 4.04 | Mataas |
| 5. Mahalaga sa aking ang mga kinakailangang gawain sa klase | 4.38 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.08** | **Mataas** |

***Talahanayan 10 Antas ng Akademikong Interes***

| *Indicators* | *Mean* | *Description* |
|---|---|---|
| Impak | 4.03 | Mataas |
| Pagpili | 3.79 | Mataas |
| Kahalagahan | 3.28 | Mataas |
| Kabuluhan | 4.08 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.80** | **Mataas** |

**Antas sa Akademikong Interes.** Ang pangkalahatang antas ng akademikong interes ng mga respondente ay nagtamo ng mataas batay sa kanilang mga naging tugon sa mga tagapahiwatig ng antas ng akademikong interes ng mga mag-aaral kabilang na rito ang mga indikeytor na indibidwal na impak, pagpili, kahlagahan, at kabuluhan.

Lumabas mula sa mga resulta ng pag-aaral na ang pagpukaw sa akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school* sa pribadong paaralan ay may mataas na bahagdan batay sa impak. Ang mataas na bahagdan ay nangangahulugang ang akademikong interes ng mga mag-aaral batay sa dimensyong impak ay madalas naipapakita.

Kagaya na lamang ng isinaad ni Kate (2023) malaki ang impak ng pag-unlad ay nangyayari sa pisikal, panlipunan, kultural at sikolohikal na kapaligiran sa mga mag-aaral. Dahil sa paborableng kaganapan sa silid-aralan ay gumagawa ng pagkakaiba ang mga mag-aaral, nagiging mas komportable, mas nakatuon sa kanilang mga aktibidad sa akademiko na nagreresulta sa mataas na akademikong pagganap.

Dagdag pa, ang resulta na tumutukoy sa antas ng akademikong interes batay sa dimensyong pagpili ay mataas. Nangangahulugan itong ang dimensyong pagpili ay madalas naipapakita. Ito ay implikasyon na may positibong pananaw ang mga mag-aaral, nakararamdam sila na hindi sila minamanipula, at mayroong kalayaan gumawa ng desisyong makakabuti sa kanilang pag-aaral.

Tumutugma ito sa naging pag-aaral nina Gamage et al. (2021) isa ang aspeto ng personal na pagpapahalaga at pagbuo n na maaaring tingnan bilang kanais-nais na mga layunin at interes ng isang mag-aaral na gumagabay sa prinsipyo na kanyang gagawin. Bilang karagdagan, ang mga ito ay nakita bilang kinalabasan ng pag-unlad ng kaisipan.

Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Jafari at Asgari (2020) na kung saan inilahad na ang kaganapan sa silid-aralan at ang kapaligirang nakapalibot sa pag-aaral ay na higit na nauugnay sa pagpapatupad pakikilahok ng mga mag-aaral. Gayundin sa kanilang pang-edukasyon na mga saloobin patungo sa pag-aaral at pag-uugali partikular na kahalagahan. Maraming karanasang pang-akademiko ang natutuhan sa silid-aralan, kaya't kabilang ang pag-unawa at pakikibilang sa mga salik na maaaring makaapekto sa kanilang akademikong tagumpay.

Kagaya na lamang sa pag-aaral ni Siega (2020) pinagbigyang pansin dito ang kapaligiran sa silid-aralan ay nakakaapekto sa kanilang akademikong tagumpay dahil ito ay nagpapaginhawa sa kanila habang nag-aaral, ang mga aspetong pampagkatuto at koneksyon sa kapwa ay nagbibigay-daan sa kanila upang madaling maunawaan ang aralin, at ito ay nag-uudyok sa kanila sa pag-aaral ng mga konsepto sa gayon nadaragdagan ang kanilang interes sa iba't ibang larangan ng pag-aaral.

***Talahanayan 12 Pagganap ng Kaganapan sa Silid-aralan sa Akademikong Interes***

| *Variables Correlated* | *Mean* | *r* | *p-value* | ***Decision =0.05*** |
|---|---|---|---|---|
| Kaganapan sa Silid-Aralan | 4.11 | 0.530 | <.001 | *Rejected* |
| Akademikong Interes | 3.80 | | | |

**Tiyak na Pagkakaugnay sa Pagitan ng mga Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan at Akademikong Interes.** Ang resulta sa pagitan ng dalawang baryabol mula sa nakaraang kabanata ay isiniwalat na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaganapan sa loob ng silid-aralan at akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school* sa pribadong ppaaralan.

Pinapatunayan ng mga resulta ang konseptong *stage-environment fit theory* nina Eccles et al. (1993) ay nag-uugnay sa mga yugto ng pag-unlad sa kapaligiran. Ang mga mag-aaral ay gumaganap nang mas mahusay kapag ang mga kapaligiran sa silid-aralan ay angkop sa kanilang mga pangangailangan sa pag-unlad. Sa pinakapangunahing antas, ang pananaw na ito ay nagmumungkahi ng kahalagahan ng pagtingin sa akma sa pagitan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ng mga pangangailangan ng mga maagang kabataan at ang mga pagkakataong ibinibigay sa kanila sa tradisyonal na kapaligiran ng *junior high school.*

Dagdag pa sa pagpapatunay sa resulta ang konseptong *Ecological Systems Theory (EST)* Bronfenbrenner (1979). Ang teoryang ito ay nakaimpluwensya sa maraming sikolohista sa mga tuntunin ng paraan ng pag-aaral ng tao at ang mga epekto ng iba't ibang mga sistema ng kapaligiran at ito ay ang pag-unlad ng isang tao ay naimpluwensyahan ng lahat ng bagay sa nakapalibot na kapaligiran at mga pakikipag-ugnayang panlipunan sa loob nito.

Pinatunayan din ang resulta sa pag-aaral ni Qiu (2022) ang konseptwal na pagsusuri ng mga kaugnay na pag-aaral sa positibong kaganapan sa silid-aralan ay siyang nagbigay daan para sa paghubog ng interaksyon ng mga mag-aaral at pakikilahok sa klase.

***Talahanyan 12 Regression Analysis ng mga domeyn na epekto ng Kaganapan sa Silid-aralan***

| ***Independent Variable*** | ***Unstandardized Coefficients*** | | ***Standardized Coefficients*** | ***t-stat*** | ***p-value*** | ***Decision @ α= 0.05*** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | ***B*** | ***SE*** | ***Beta*** | | | |
| Kaganapang Pisikal | 0.121 | 0.06 | 0.14 | 2.024 | 0.044 | *Rejected* |
| Interaksyon ng Guro at Mag-aaral | 0.077 | 0.057 | 0.102 | 1.362 | 0.175 | *Accepted* |
| Relasyon sa Kapwa | 0.109 | 0.042 | 0.167 | 2.627 | 0.009 | *Rejected* |
| Oryentasyon ng Guro sa Kaligirang Pampagkatuto | 0.283 | 0.053 | 0.321 | 5.351 | < .001 | *Rejected* |

***Dependent Variable:*** *Akademikong Interes* ***Adjusted R square : .294***
***F-ratio: 26.725***

**Impluwensya ng Domeyn ng Kaganapan sa Loob ng Silid-aralan sa Pagpukaw ng Akademikong Interes ng mga Mag-Aaral.** Batay sa resulta ng *regression analysis*, ang ikalawang *null* haypotesis ng pag-aaral ay pinabulaanan. Indikasyon ito na ang tatlong domeyn, ang kaganapang pisikal, relasyon sa kapwa, at oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral ang masasabing may malaking impluwensiya sa antas ng akademikong interes ng mga mag-aaral. Natuklasan naman na ang natitirang domeyn na interaksyon ng guro a mag-aaral ay walang tiyak na impluwensya sa akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay tumutugma sa resulta ng pag-aaral ni Baafi (2020) na tahasang inendorso ang kahalagahan ng kapaligiran sa pag- aaral ng paaralan sa pagtukoy ng akademikong pagganap ng mag-aaral. Maayrong masusing epekto ang kaganapng pisikal sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kinumpirma ito ng mananaliksik na ang mga natuklasan ng pag-aaral na ang mga mag-aaral sa *junior high school* na may kaaya-ayang pisikal na kapaligiran ay gumaganap nang mas mahusay kaysa sa mga kung saan ang kapaligiran sa pag-aaral ay hindi kaaya-aya.

Tumutugma ito sa pag-aaral ni Keerthirathne et al. (2020) na ang relasyon sa kapwa ay mahalagang tumutukoy sa mga mag-aaral na natututo kasama at mula sa isa't isa bilang kapwa mag-aaral nang walang anumang ipinahiwatig na awtoridad sa sinumang indibidwal pinaniniwalaan nito na malaking natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng kanilang mga ideya sa iba at sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga aktibidad kung saan maaari silang matuto mula sa kanilang kapwa.

Dagdag pa, sa pag-aaral patungkol sa oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral ay ipinakita nina Closs et al. (2020) na ang mga guro na mas interaktibo at kolaboratibo na paraan ng pagtuturo ay maaaring makahikayat sa mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pagkatuto kahit na sa mas tradisyonal na mga silid-aralan na nakasentro sa guro. Ito ay nagpatibay ng motibasyon sa mga mag-aaral na pisikal na naroroon sa klase, maging sa personalisasyon sa loob ng klase, pakikilahok, kooperasyon, pagkakapantay-pantay, at kasiyahan, at naiimpluwensyahan ang *psychosocial learning environment* at ang pangkalahatang karanasan sa pag-aaral ng mag-aaral.

**Konklusyon**

Bilang mga kasagutan sa mga tanong mula sa mga nakaraang kabanata, lumabas sa pag-aaral na ang mga kalahok na mula *junior high school* sa pribadong paaralan ay may mataas na antas ng kaganapan sa loob ng silid-aralan na nangangahulugang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

madalas nila itong naipapakita. Hinggil sa mga indikeytor ng baryabol na kaganapan kaganapan sa loob ng silid-aralan, ang kaganapang pisikal; interaksyon ng guro at mag-aaral, relasyon sa kapwa; at oryentasyon ng guro sa kaligirang pampagkatuto ay pare-parehong nakakuha ng mataas na antas. Ang lahat ng mga indikeytor sa baryabol na akademikong interes, ang impak, pagpili, kahalagahan, at kabuluhan ay pare-parehong nakakuha ng mataas na antas.

Sa kabuoan, masasabing ang dalawang baryabol o ang kaganapan loob ng silid-aralan at akademikong interes ng mga mag-aaral ay sa loob sa tiyak na pagkakaugnay sa isa't isa. Ang mga simulain ng kaganapan ng silid-aralan na ginamit sa pag-aaral na ito ay may mataas na pagkakaugnay sa akademikong interes ng mga mag-aaral batay sa isinagawang interpretasyon. Kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinanggap.

Samatuwid, ito ay nangangahulugan lamang na ang anumang pagbabagong nagaganap sa malayang baryabol na kaganapan sa loob ng silid-aralan ay hindi nakakaimpluwensiya sa di-malayang baryabol na akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school*. Sa parehong sitwasyon, ang anumang pagbabagong nagaganap sa akademikong interes ay walang makabuluhang impluwensiya sa kaganapan sa loob ng silid-aralan ng mga mag-aaral. Maliwanag na isinasaad nito ang kaganapan sa loob ng silid-aralan bilang malayang baryabol ay may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng akademikong interes ng mga mag-aaral sa *junior high school.*

## TALASANGGUNIAN


1. *Alonso-Tapia & Ruiz-Diaz, M. (2022). Student, teacher, and school factors predicting differences in classroom climate A multilevel analysis. Learning 94. 102115 and Individual Differences, https://doi.org/10.1016/j.lindif 2022.102115*
2. *Baafi, R. (2020) School Physical Environment and Student Academic Performance. Advances in doi: 10.4236/ape 2020.102012.Physical Education*
3. *Barri, A. (2020). The impact of school infrastructure on student learning outcomes. InternationalJournal of Educational Research, 104, 101-112 112. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2020.101112*
4. *Closs, L., Mahat, M., & Imms, W. (2021). Learning environments' influence on students' learning experience in an Australian Faculty of Business and Economics. Learning Environments Research, 25(1), 271-285 https://doi.org/10.1007/s10984-021-09361-2*
5. *Creswell, J. W. (2023). Research design: Qualitative, quantitative, mix methods moaches (Sthed.) https://spada.uns.ac.id/pluginfile.php/510378/mod_resource/content/1/creswell.pdf*
6. *Eccles, J. S., Midgley, C., Wigfield, A., Buchanan, C. M., Reuman, D., Flanagan, C., & Mac Iver, D. (1993). Development during adolescence: The impact of stage-environment fit on young adolescents' experiences in schools and in families American Psychologist/ the American Psychologist, 48(2), 90-https://doi.org/101037/0003-066x.48.2.90*
7. *Ertem, H. Y., Arsian, A., & Oren, E. O. (2021), the role of teacher autonomy and school climate on goal orientations for teaching ResearchGate https://www.researchgate.net/publication*
8. *Gamage, K. a. A., Dehideniya, D. M. S. C. P. K., & Ekanayake, S. Y. (2021). The role of personal values in learning approaches and student achievements. Behavioral Sciences, 11(7), 102*
9. *Gojkov-Rajić, A., Safranj, J., &Gojkov, G. (2021). Relationship between didactic instructions and metacognition in foreign language learning. https://www.researchgate.net/publication/350278700_*
10. *Jafari, S., & Asgari, A. (2020). Predicting students' academic achievement based on the classroom climate, mediating role of Teacher-Student interaction and academic motivation Integracia Obrazovania, 24(1), 62-74. https://doi.org/10 15507/1991- 9468.098.024.202001.062-074.*
11. *Kate, O. I. (2023) Impact of learning environment on academic performancesResearchGate.https://www.researchgate.net/publication/375931030Impact_of_Learning_Environment_on_Academic_Performances*
12. *Keerthirathne, S., Jayasena, H., & Perera, H. (2020). The role of peer relationships in collaborative learning environments. International Journal of Educational Research, 104, 101-112. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2020.101112*
13. *Qiu, Y. (2022). Conceptual analysis of positive classroom events and their influence on student interaction and participation. Education and Information Technologies, 27(4), 453-469. https://doi.org/10.1007/s10639-022-11161-x*
14. *Rana, J., Gutierrez, P.L., & Oldroyd, J. C. (2021). Quantitative methods. In Springer Books. https://doi.org/10.1007/978-3-319-31816-5_460-1*
15. *Randjelovic, D., & Demic, D., (2020) Connection between classroom climate and academic Performance https://www.researchgate.net/publication*
16. *Sakellariou, M., & Tsiara, E. (2020). Student Disaffection the contribution of Greek in service kindergarten teachers in engaging each preschooler in learning. Behavioral Sciences, 10(2), 51. https://doi.org/10.3390/bs10020051.*
17. *Siega, J. (2020). The impact of classroom environment on student academic success: A focus on comfort, learning aspects, and peer connections. International Journal of Educational Research, 104, 101-112 https://doi.org/10.1016/j.ijer.2020.101112*
18. *Vinogradov, A. I., Savateeva, O. V., & Vinogradova, S. (2020). Philosophi foundations of education. Tarih Kültur ve Sanat Araştırmaları Dergisi, 9(1),145. https://doi.org/10.7596/taksad.v8i3.2389.*